

INTERCEDE
CCF PRAYER & FASTING

PRAYER:
EXPERIENCING
GOD'S LOVE

JANUARY 8-13, 2024

TAGLISH

PART OF A YEAR-LONG
CELEBRATION OF

ccf 40

from our **senior pastor**

Greetings, brothers and sisters in Christ!

Through the years, we have chosen to start the year right with a time of prayer and fasting. As we continue to trust God for His grace in 2024, we do so by having the entire CCF movement come together to pray and fast. This year, we will also be celebrating our 40th Anniversary, and the best way to start it is to begin with prayer and fasting! The theme of this week is **PRAYER: Experiencing God's Love**. Why did we choose such a theme for this year?

The best explanation comes directly from God's word:

1 John 4:10-11

¹⁰ In this is love, not that we loved God, but that He loved us and sent His Son to be the propitiation for our sins.

¹¹ Beloved, if God so loved us, we also ought to love one another.

Jesus told us that there is only one clear and best way that the world will know we are truly His disciples. LOVE. Specifically, our love for one another. But how loving are we to one another – really? Can we still improve in our love for one another – in our homes and in the church? Undeniably, the answer is a resounding “YES!”

It is not difficult to love one another as Jesus loved us. It is impossible. Only through the empowerment of the Holy Spirit can we love like Jesus loves. And we are capable of loving like Jesus loves only if and when we experience His love for ourselves. And one of the best ways to experience His love is to spend time with Him in prayer and fasting. This week, we will see how this LOVE is experienced in the various aspects of our lives– for our FAMILIES, the CHURCH, the COMMUNITY, our ENEMIES, our WHOLE BEING, and the WORLD.

May the Lord give all of us an encounter with Him in our prayer and fasting time, and may our hearts be ready to experience His love and live out that love to bless others.

May God bless us all for His glory!

In Christ,



Dr. Peter Tan-Chi

SENIOR PASTOR, CHRIST'S COMMISSION FELLOWSHIP

table of contents

PATNUBAY SA PANALANGIN AT PAG-AAYUNO

Ano ang panalangin? Ano ang pag-aayuno?	1
.....	
Bakit tayo dapat mag-ayuno?	2
.....	
Iba't Ibang Uri ng Pag-Aayuno	4
.....	
Simula at Pagwawakas ng Inyong Pag-Aayuno	5
.....	
Pag-lingat	5
.....	
Mga Mungkahi sa Panalangin	7
.....	

MGA DEBOSYON


Day 1: God's Love for Our Families	9
.....	
Day 2: God's Love for the Church	13
.....	
Day 3: God's Love for the Community	18
.....	
Day 4: God's Love for Our Enemies	23
.....	
Day 5: God's Love for Our Whole Being	27
.....	
Day 6: God's Love for the World	32
.....	

GABAY SA HAPUNAN NG PANGINOON 36

MGA PANALANGIN 38



SAMA-SAMA TAYONG MAG-AYUNO AT MAGDASAL.



Ang ating taunang pagdiriwang ng panalangin at pag-aayuno ay isinasagawa tuwing simula at sa kalagitnaan ng taon. Ipinapahayag nito ang ating pagtitiwala sa Diyos at pagsasariwa ng kalooban ng Diyos sa ating buhay.

Habang tayo ay nag-aayuno at nagdarasal, nag-aaral, isinasabuhay ang Kaniyang Salita, at nagtitipon ng sama-sama mula Lunes hanggang Sabado para sa pagsamba, dalhin natin sa Panginoong Diyos ang ating mga pangangailangan nang may pananampalataya dahil

**SIYA AY HINDI NAGBABAGO KAHAPON, NGAYON, AT
MAGPAKAILANMAN (HEBREO 13:8).**

ANO ANG **PANALANGIN?**

Ang panalangin ay ang pakikipag-usap sa Diyos at ang pakikinig sa Kanya para maisang-ayon ang ating kalooban sa Kanya. Ito ay ang pagharap sa Diyos sa pangalan ni Hesus, batay sa Kanyang Salita (ang Bibliya), na may gabay ng Kaniyang Banal na Espiritu. Tuwing tayo ay nananalangin, sinasamba natin Siya, dinudulog ang ating mga puso na may pasasalamat sa ating Ama sa Langit, ipinapahayag sa Kanya ang ating mga pangangailangan at ang mga pangangailangan ng iba, at hinihiling na ang Kanyang kalooban at kaharian ay maitaguyod sa ating buhay (Mateo 6:9-13; 1 Juan 5: 14-15; Juan 16: 23-24; Judas 20).

ANO ANG **PAG-AAYUNO?**

Ang pag-aayuno ay ang hindi pagkain sa loob ng itinakdang oras o panahon upang maipahayag ang ating pagsisisi sa kasalanan at ating paghahangad na mapalapit sa Diyos, habang tayo ay nabibigyan ng mas mahabang oras sa pagbasa ng Kaniyang Salita at sa panalangin. Ang pagliban sa mga mahahalagang bagay sa ating buhay tulad ng pagkain ay pagkakataon upang maipahayag ang taos- pusong pagtitiwala at pangangailangan natin sa Diyos.

Habang ang mga Kristiyano sa ating panahon ay maaari ring umiwas mula sa iba pang mga bagay tulad ng libangan, palakasan, at social media, ang pag-iwas sa pagkain ay ang karaniwang paraan ng pagpapahayag ng pag-aayuno sa Bibliya. Ang pag-aayuno ay isang paraan upang ipakita ng ating pagtitiwala sa Diyos at ating kasapatan sa Kanyang presensya na hindi mahihigitan ng anumang bagay sa ating pisikal na buhay (Nehemias 1: 4, 9: 1; Ester 4: 3; Daniel 9:3; Joel 2:12; Mateo 6: 16-18 ; Mga Gawa 13: 2; Isaias 58).

BAKIT TAYO DAPAT MAG-AYUNO?

INAASAHAN NG DIYOS NA TAYO AY MAG-AYUNO.

Sa tuwing kayo ay nag-aayuno, huwag maglagay ng madilim na mukha tulad ng ginagawa ng mga mapagkunwari, sapagkat pinababayaan nila ang kanilang hitsura upang mapansin sila ng mga lalaki kapag sila ay nag-aayuno. Katotohanang sinasabi ko sa iyo, buo ang kanilang gantimpala. Ngunit ikaw, kapag nag-ayuno ka, pahiran ang iyong ulo at hugasan ang iyong mukha – Mateo 6:16-17

Sinabi ni Hesus na **“sa tuwing nag-aayuno ka”**, hindi **“kung mag-aayuno ka”**. Nangangahulugan ito na ang pag-aayuno, tulad ng panalangin, ay hindi isang mungkahi. Ang pag-aayuno ay bahagi ng buhay Kristiyano.

NAG-AYUNO SI HESUS.

At pagkatapos Siya ay nag-ayuno ng apatnapung araw at apatnapung gabi, pagkatapos ay nagutom Siya. – Mateo 4:2

Bago ang pagmiministeryo ni Hesus, nag-ayuno Siya nang apatnapung araw. Alam Niyang kailangan Niya ng espirituwal na lakas upang matupad ang Kaniyang layunin sa mundo. Sa pag-aayuno ang ating pisikal na pangangatawan man ay nagiging mahina, ang ating espirituwal na buhay ay lumalakas at tayo’y mas nagiging handang tuparin ang gawain ng Diyos.

NAG-AYUNO ANG MGA UNANG MANANAMPALATAYA.

*Pagkatapos, nang sila ay mag-ayuno at manalangin at ipinatong ang kanilang mga kamay sa kanila, pinalayo sila. – Gawa 13:3
(tingnan din ang Gawa 14:23)*

Ang Simbahan ay nag-ayuno para kay Saul (Paul) at Bernabe. Nang maglaon, si Paul at Bernabe ay nagtalaga ng mga mamumuno sa iba’t ibang mga simbahan, nag-aayuno at nagdarasal bago itinalaga sa Panginoon ang mga pinuno.

ANG PAG-AAYUNO AY NAGPAPAKITA NG PAGPAPAKUMBABA SA HARAP NG DIYOS.

*Ngunit tungkol sa akin, nang sila ay may sakit, ang aking damit ay sako; Pinaiyak ko ang aking kaluluwa ng pag-aayuno; at ang aking dalangin ay patuloy na bumalik sa aking sinapupunan.
– Salmo 35:13 (Tingnan din ang 1 Hari 21:27-29; Esdras 8:21)*

Ang pagpapakumbaba ay nagpapahintulot na maranasan natin ang biyaya ng Diyos. Kapag nagpakumbaba tayo sa panalangin at tumalikod sa ating masasamang pamamaraan, ipinangako ng Diyos na tayo ay Kaniyang pakikinggan at tutugunan Niya tayo ayon sa Kaniyang kalooban.

SA PAG-AAYUNO, TAYO AY NAGIGING SENSITIBO SA PAMUMUNO NG BANAL NA ESPIRITU.

Si Jesus, na puno ng Banal na Espiritu, ay bumalik mula sa Jordan at pinangunahan ng Espiritu sa ilang sa loob ng apatnapung araw, na tinutukso ng demonyo. At wala siyang kinakain sa mga panahong iyon, at nang matapos na, nagutom siya. – Lucas 4:1-2

(tingnan din ang Mga Gawa 13: 2, Mateo 17:21, Marcos 9:29)

Madali tayong makalimot sa ating prayoridad. Ang pag-aayuno ay isang paalala na ang Diyos ang nauuna sa ating mga pangangailangan. Idinudulog natin sa Kanya ang ating mga inaalala dahil Siya naman ang may kakayahang gumawa ng mga kamangha-manghang gawa na magbibigay sa Kaniya ng kaluwalhatian.

ANG PAG-AAYUNO AY NAGSASARIWA NG ATING ESPIRITUWAL NA BUHAY, PANSARILI MAN O PAMBANSA

At ang Aking mga tao na tinawag ng Aking pangalan ay nagpapakumbaba sa kanilang sarili at nananalangin at hinanap ang Aking mukha at tumalikod sa kanilang masamang pamamaraan, kung gayon ay makakarinig ako mula sa langit, patatawarin ang kanilang kasalanan at pagagalingin ang kanilang lupain.

– 2 Cronica 7:14

Kaya't binigyan ko ang aking pansin sa Panginoong Diyos na hanapin Siya sa pamamagitan ng panalangin at mga pagsusumamo, kasama ang pag-aayuno, sako, at abo.

– Daniel 9:3

Ang pag-aayuno ay nagbibigay buhay sa bawat isa at sa bayan. Ito rin ay nagdudulot ng kagalingan, pagbabago at paghahanda para sa mga bagay na dakila sa kaharian ng Diyos.

FASTING IS GOOD FOR OUR HEALTH.

Ang pag-aayuno ay mabuti sa ating pisikal na kalagayan. Nililinis nito ang ating sistema sa mga toxin sa katawan. Sa pangkalahatan, naglilinis ito ng kaisipan at nagdudulot ng mabuting kalusugan. Maging ang mga kulang sa timbang ay nakitaan ng kabutihan sa pangangatawan dahil sa pag-ayuno at panalangin. Maraming mga guro ng Bibliya ang nagsasabi na ang tatlong-araw na pag-aayuno ay mabuti sa kalinisan ng espiritu at kalayaan sa mga masamang bisyo.

*(mula sa “What Does the Bible Say About Fasting?”,
Christ Unlimited Ministries, www.bible.com)*

IBA'T IBANG URI NG **PAG-AAYUNO**

Marahil maraming mga paraan upang mag-ayuno dahil may mga paraan upang manalangin, ngunit maaaring magsimula sa apat na paraang ito.

NORMAL NA PAG-AAYUNO

Sa isang normal na pag-aayuno, ang isang tao ay walang pagkain sa loob ng itinakdang panahon. Ang pag-inom ng tubig ay kailangan. Ang matinding pag-iingat ay kinakailangan para sa mga mahabang pag-aayuno (higit sa isang linggo), lalo na't kung may mga medikal na kondisyon. Mabuting kumunsulta sa manggagamot kung nagpapalano kang mag-ayuno nang mahabang panahon.

BAHAGYANG PAG-AAYUNO

Sa bahagyang pag-aayuno, ang isang tao ay kumakain lamang ng ilang mga uri ng pagkain sa loob ng partikular na panahon, o kaya naman ay may isa o dalawang pagkain lamang sa isang araw. Sa Bibliya, sina Daniel at Juan Bautista ay nagpapanatili ng isang diyeta sa kanilang pag-aayuno. Ang mangangaral ng ika-18 siglo na si John Wesley ay may tinapay at tubig lamang sa maraming araw bilang kaniyang pag-aayuno.

JUICE FAST


Ito ay isang bahagyang pag-aayuno na sa halip na kumain ay umiinom lamang ng juice.

OBJECT FAST

Ito ay pag-aayuno mula sa mga bagay na ginagamit o ginagawa, maliban sa pagkain. Ang mga halimbawa nito ay panonood ng telebisyon, paggamit ng social media, o paggamit ng computer liban sa trabaho o pag-aaral. Ang susi dito ay ang palitan ang oras na ginugol sa aktibidad na iyon ng oras na nakatuon sa Panginoon. Para sa mga mag-asawa, ito ay maaaring mangahulugan ng pag-iwas sa pisikal na pagpapalagayang-loob upang tumutok sa panalangin (1 Mga Taga-Corinto 7:5)

SIMULA AT PAGWAWAKAS NG **IYONG PAG-AAYUNO**

Mahalaga ang paghahanda sa pag-aayuno at ang marahan na pagtatapos nito. Sa paghahanda, bawasan paunti-unti ang pagkain at pag-inom ng mga may caffeine (kape, tsaa, softdrinks) bago mag-ayuno. Mas mahalaga pa rito, manalangin nang maaga upang mapanatili kang malakas sa pisikal, mental, at espirituwal sa iyong pag-aayuno para sa Diyos. Sa pagtatapos ng pag-aayuno, huwag agad bumalik sa iyong normal na pagkain. Mabuting simulan muna sa malambot na pagkain at sa katamtamang dami hanggang sa bumalik ang normal na pagtunaw ng pagkain.



PAG-IINGAT

Habang may mga pakinabang sa pag-aayuno, ang ilan ay hindi dapat mag-ayuno nang walang pagkokonsultang medikal. Halimbawa:

- Ang mga taong masyadong payat
- Ang mga taong madaling kapitan ng mga karamdaman sa pagkain
- Ang mga nagdurusa sa kahinaan o anemia
- Ang mga taong nasuri na may ilang mga karamdaman na nangangailangan ng patuloy na nutrisyon
- Mga buntis at nagpapasuso ng sanggol
- Ang mga taong umiinom ng iniresetang gamot

KUMUNSULTA SA IYONG DOKTOR BAGO MO SIMULAN ANG IYONG PAG-AAYUNO.

Tandaan na may mga doktor na maaaring walang kasanayan sa pag-aayuno, kaya't maaari kayong pigilan sa bagay na ito.

MANALANGIN
AT MAG-AYUNO
**KASAMA ANG INYONG
MGA ANAK!**

I-download ang **NXTGEN** Prayer & Fasting Booklet para sa mga pamilya na may mga batang edad 7 hanggang 12:

go.ccf.org.ph/IntercedeKids



MGA MUNGKAHI SA **PANANALANGIN**

Habang binabasa natin ang mga talata sa Bibliya sa darating/sumusunod na araw, pag-aralan natin na **GAMITIN SA PANALANGIN ANG SALITA NG DIYOS** gamit ang balangkas sa ibaba:

CONFESSION (PAG-AMIN)

Hingin sa Banal na Espiritu na ipakita ang anumang bagay na hindi kanais-nais sa kanya. Aminin ng may pagpapakumbaba ang lahat ng kasalanan, at tanggapin ang awa ng Diyos. Humingi ng kapatawaran kahit para sa mga kasalananang hindi mo namalayan na iyong nagawa.

ADORATION (PAGSAMBA)

Maglaan ng oras upang personal na purihin ang Panginoon para sa kung sino Siya at sa mga ginawa Niya. Purihin Siya para sa Kanyang mga katangian — lubos na makapangyarihan, walang hanggan, tapat, at marami pang iba. Kilalanin at ipagpasalamat ang Kanyang presensya sa iyong buhay.

SUPPLICATION (PAGSUSUMAMO)

Itaas ang iyong mga pangangailangan at pakiusap sa Panginoon. Ipagkatiwala sa Kanya ang iyong mga alalahanin sapagkat Siya ay nagmamalasakit sa iyo. Maaari mong ipagdasal ang mundo, simbahan, iyong komunidad, pamilya, mga relasyon, at mga personal na petisyon.

THANKSGIVING (PASASALAMAT)

Magpasalamat sa Diyos para sa Kanyang marami, iba-iba, at partikular na mga pagpapala sa iyong buhay. Humingi ng pusong mapagpasalamat at kuntento sa lahat ng bagay. Magpasalamat sa Kanya ng may pananampalataya di lamang para sa pakikinig sa iyong mga dasal kundi para sa Kanyang mga magiging sagot sa mga ito.

mga debosyon

DAY ONE

GOD'S LOVE FOR OUR **FAMILIES**

BASAHIN

¹ Tularan n'yo ang Dios dahil kayong lahat ay minamahal niyang mga anak. ² Mamuhay kayo nang may pag-ibig sa kapwa tulad ng pag-ibig sa atin ni Cristo. Inialay niya ang sarili niya para sa atin bilang mabangong handog sa Dios.

¹⁵ Kaya mag-ingat kayo kung paano kayo namumuhay. Huwag kayong mamuhay tulad ng mga mangmang kundi tulad ng marurunong na nakakaalam ng kalooban ng Dios. ¹⁶ Huwag ninyong sayangin ang panahon n'yo; gamitin n'yo ito sa paggawa ng mabuti, dahil maraming gumagawa ng kasamaan sa panahong ito. ¹⁷ Huwag kayong magpakamangmang kundi alamin n'yo kung ano ang kalooban ng Panginoon na gawin ninyo. ¹⁸ Huwag kayong maglalasing dahil nakakasira ito ng maayos na pamumuhay. Sa halip, hayaan ninyong mapuspos kayo ng Banal na Espiritu. ¹⁹ Sa pagtitipon n'yo, umawit kayo ng mga salmo, himno, at ng iba pang mga awiting spiritwal. Buong puso kayong umawit at magpuri sa Panginoon. ²⁰ Lagi kayong magpasalamat sa Dios Ama sa lahat ng bagay bilang mananampalataya ng ating Panginoong Jesu-Cristo. ²¹ Magpasakop kayo sa isa't isa bilang paggalang kay Cristo.

EFESO 5:1-2, 15-21

ISIPIN

1. Ano ang dalawang turo ni Pablo – ang una ay nasa v1 at ang pangalawa ay nasa v2? Ano ang kanyang sinabi na maging basehan natin para isagawa ang kanyang mga turo? (vv 1-2)
2. Isulat ang mga pagsasalarawan kung paano tayo mamumuhay sa bawat araw (vv 15-21). Paano makikita ito sa inyong pang araw-araw na pamumuhay na kasama si Cristo?
3. Ano'ng mga gawain na sinabi sa mga talatang ito ang nahihirapan kang isabuhay? Ano ang mga dahilan kung bakit ka nahihirapan?
4. Karagdagang babasahin: Para sa mga asawang lalaki at mga asawang babae (Efeso 5:22-33); para sa mga magulang at mga anak (Efeso 6:1-4).

NOTES

ISABUHAY

Ang pamumuhay nating kasama si Cristo ay posible lamang dahil sa Kanyang dakilang pag-ibig sa atin. Kapag mas nauunawaan natin ang ginawa ni Jesus para sa atin, mas natutularan natin ang Kanyang halimbawang mahal natin ang mga malalapit sa atin, kahit ito ay mahirap gawin. Hindi tayo makasusunod kay Jesus sa pamamagitan ng ating sariling lakas. Kaya't kailangan tayong manalangin at hingin mapuspos tayo ng Banal na Espiritu para ibigin ang ating mga pamilya, maihayag ang Salita ng Dios sa kanila, magpasalamat sa lahat ng sitwasyon, at may pagpapakumbabang magpasakop sa isa't-isa.

1. Ano ang uunahin kong gawin para isabuhay ito sa aking pamilya? Paano ko ito eksaktong gagawin?
2. Paano ako aawit, magpupuri sa Panginoon at magpapasalamat sa Kanya sa mga sandaling ito? (Maari kang magbasa ng isang Salmo sa Kanya, umawit ng isang awit sa Kanya, at pasalamatan Siya sa maraming pagpapalang ibinigay Niya sa iyo at sa iyong pamilya.)
3. Mayroon bang isa sa aking pamilya o mga mahal sa buhay na mababahaginan ko ng pag-ibig ni Cristo? (Hingin sa Dios kung sino sila at manalangin magkaroon ka ng isang pagkakataong makapiling sila.)

IDADALANGIN KONG MAGKAROON NG ISANG PAGKAKATAONG MAKAUSAP SILA.... (BANGGITIN ANG PANGALAN NG BAWA'T ISA)

Set Simple, Measurable, Appropriate, Realistic, and Time-bound (SMART) commitments

Halimbawa: "Maglalaan ako ng oras para makausap ang aking mga mahal sa buhay at gawin ang paborito nilang ginagawa sa susunod na linggo."

NOTES

Hingin sa Dios na gamitin ka bilang daluyan ng Kanyang pag-ibig sa iyong mga kaibigan, mga kamag-anak at mga miyembro ng iyong pamilya:

- Maging tulad ni Cristo para sa iyong asawa, magulang, anak, miyembro ng pamilya, kaibigan at iba pa...
- Gabayan ang aking pamilya at mga kaibigan sa mga kaparaanan ng Panginoon.
- Maging puspos ng Banal na Espiritu para maipakita ang bunga ng pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiis, kabutihan, kagandahang-loob, katapatan, kahinahunan, at pagpipigil sa sarili (Galacia 5:22-23).
- Luwalhatiin at purihin ang Dios sa lahat ng bagay, kahit sa gitna ng mga pagsubok sa ating pamilya.

Amining napapabayaang natin ang ating mga relasyon, hindi natin pinapansin ang mga salungatan sa relasyon, at wala tayong pagpapatawad sa mga taong nakasakit sa atin, lalo na ang ating pamilya.

Idalangin na sa linggong ito ay sadyaing masimulan ang pag-abot sa isang miyembro ng pamilya, kamag-anak o kaibigan na kailangan mong makipag ayos.

Maglaan ng oras para sama-samang manalangin ang iyong mga mahal sa buhay: palakasin at pahalagahan ang mga mabuting gawain ng bawat isa.

Tanungin ang isa't-isa: "Paano ako mapapabuti? Nasaktan ba kita? Mapapatawad mo ba ako?", saka manalangin para sa isa't-isa.

DAY TWO

GOD'S LOVE FOR THE CHURCH

BASAHIN

¹ *Bisperas na noon ng Paskwa. Alam ni Jesus na dumating na ang takdang oras ng kanyang pag-alis sa daigdig na ito upang bumalik sa Ama. Mahal niya ang kanyang mga tagasunod na nasa daigdig, at sila'y minahal niya hanggang sa wakas.* ² *Pagsapit ng hapunan, inilagay na ng diyablo sa isip ni Judas, na anak ni Simon Iscariote, na ipagkanulo niya si Jesus.* ³ *Alam ni Jesus na ibinigay na ng Ama sa kanya ang buong kapangyarihan; at alam niyang siya'y mula sa Diyos at babalik sa Diyos.* ⁴ *Kaya't siya'y tumayo mula sa hapag, nag-alis ng panlabas na balabal at nagbigkis ng tuwalya sa baywang.*

¹² *Nang mahugasan na ni Jesus ang kanilang mga paa, muli niyang isinuot ang kanyang balabal at nagbalik sa kinaupuan niya. Sinabi niya sa kanila, "Nauunawaan ba ninyo kung ano ang ginawa ko sa inyo?"* ¹³ *Tinatawag ninyo akong Guro at Panginoon, at tama kayo, sapagkat ganoon nga ako.*

¹⁴ *Kung ako ngang Panginoon at Guro ninyo ay naghugas ng inyong mga paa, dapat din ninyong hugasan ang mga paa ng isa't isa.* ¹⁵ *Binigyan ko kayo ng halimbawa upang inyong tularan...* ¹⁷ *Ngayong alam na ninyo ito, pinagpala kayo kung ito'y gagawin ninyo.* ¹⁸ *"Hindi kayong lahat ang tinutukoy ko; kilala ko ang aking mga pinili. Ngunit dapat matupad ang sinasabi sa kasulatan, 'Ako'y pinagtaksilan ng taong pinapakain ko ng tinapay.'* ¹⁹ *Sinasabi ko ito sa inyo bago pa mangyari upang kapag ito'y nangyari na, sasampalataya kayo na 'Ako'y Ako Nga'.* ²⁰ *Pakatandaan ninyo, ang tumatanggap sa sinugo ko ay tumatanggap sa akin, at ang tumatanggap naman sa akin ay tumatanggap sa nagsugo sa akin."*

³⁴ *"Isang bagong utos ang ibinibigay ko sa inyo ngayon: magmahalan kayo! Kung paano ko kayo minahal, gayundin naman, magmahalan kayo.* ³⁵ *Kung kayo'y may pagmamahal sa isa't isa, makikilala ng lahat na kayo'y mga alagad ko."*

JUAN 13:1-4,12-20, 34-35 [ABRIDGED]

ISIPIN

1. Ano ang ginawa ni Jesus ilang oras mula sa Kanyang pagkakanulo at pagpapako sa krus? Ano ang napakahalaga sa gawaing ito? Paano ang naging reaksyon ng mga alagad? (vv1-11)
2. Ano ang mga tagubilin ni Jesus sa mga alagad? Ano ang magiging hitsura para sa atin na sundin ang halimbawa ni Jesus sa panahon natin ngayon? (vv12-35)
3. Ayon sa talatang ito, bakit dapat gawin ng mga tagasunod ni Cristo ang pagpapakita ng pag-ibig sa isa't isa?

Si Jesus ang ating tunay na halimbawa ng pag-ibig. Ilang sandali bago Siya napako sa Krus, Siya ay nakikibahagi sa pagkain sa Kanyang mga alagad sa huling hapunan, Siya ay naghuhugas ng kanilang mga paa, Siya ay nagtuturo sa kanila sa paraan ng pag-ibig, at binabalaan Niya sila kung ano ang darating. Kinalaunan, ang isa sa kanyang mga alagad ay nagtaksil sa Kanya, ang isa pa ay itinanggi Siya ng tatlong beses, at ang iba ay lumayo, iniwan si Jesus na mag-isa sa Kanyang mga huling oras. Sa kabila ng lahat ng kanilang mga pagkukulang, minahal sila ni Jesus hanggang sa wakas. Bilang Kanyang Iglesya, dapat nating malaman ang anumang bagay na humahadlang sa atin para magmahal tulad ni Jesus.

1. Paano ko naranasan ang walang katapusan at walang hanggang pag-ibig ni Cristo sa aking sariling buhay? (Kung hindi mo pa ito nagawa, sumulat ka ng maikling patotoo kung ano ang ginawa ng Panginoong Jesus para sa iyo at kung paano ka Niya iniligtas sa iyong mga kasalanan.)

Bago dumating si Cristo sa buhay ko, ako ay...

Nakilala ko si Jesus sa pamamagitan ng...

Mula noon, ang buhay ako ay nagbago...

2. Kaninong “paa” ang maaari kong “hugasan” ngayong linggo? Paano ko matutularan ang kaugaling ito ng pagiging mababa at huli sa lahat — na gumagawa ng isang bagay para sa iba na nangangailangan ng pagtanggap sa sarili at sakripisyo nang hindi umaasa ng anumang kapalit?

Set Simple, Measurable, Appropriate, Realistic, and Time-bound (SMART) commitments

Halimbawa: “Maghahanda ako ng pagkain at ihahain ko ito sa aking Dgroup/pamilya ngayong linggo.”

Pray for the Church:

- Ipanalangin natin na tayo ay lalong maging katulad ni Jesus, pagkaitan ang sarili at maglingkod sa iba nang may pagsasakripisyo, nang hindi umaasa ng anumang kapalit.
- Ipanalangin natin ang ating simbahan, ang Christ’s Commission Fellowship, upang ipagpatuloy ang pagluluwalhati sa Panginoon sa pamamagitan ng pagpapalago ng mga tagasunod ni Jesus na magpapalago din ng mga tagasunod Nya sa lahat ng bansa.
- Manalangin para sa isang kulturang gumagalang sa Salita ng Diyos at mga lider sa Simbahan — na magpasakop sa Diyos higit sa lahat at sumunod sa karunungan ng ating mga nakatatanda, pastor, at mga lider na naglilingkod.
- Ipanalangin natin ang ating mga lider na ang Panginoon ay tunay na magbigay na kalakasan sa Kanyang mga lingkod at bigyan sila ng karunungan kung paano sila mamumuno sa susunod na taon upang ang Diyos ay maluwalhati sa kanilang buhay at sa ating simbahan:
 - Ang ating Senior Pastor Peter Tan-Chi, ang kanyang maybahay Deonna, at buong pamilya
 - Para sa lahat ng ating mga Elders, Pastors, servant-leaders, at kanilang mga pamilya
 - CCF Ministry Heads, Staff, Workers, Volunteers, Partner Missionaries
 - Bawat Discipler at kanilang mga disciples ay lumago na tulad ni Cristo habang isinasagawa nila ang Great Commission
 - Para sa CCF Training Center, na ito’y matapos na, at mahalagang magamit ito sa mga susunod na dekada para sa layunin at kaluwalhatian ng Dios
 - Para sa ating national at international church planting initiatives upang magbunga para sa kaluwalhatian ng Diyos
- Ipanalangin ang iba’t ibang CCF satellites, ministries, House Fellowships, at Dgroups sa buong bansa at mundo, gayundin sa iba’t ibang lugar ng trabaho at komunidad, upang magpatuloy sa paglilingkod sa Panginoon na may katatagan at katapatan.
- Manalangin upang maging bahagi ng isang Dgroup o, kung ikaw ay miyembro na, masimulan na ang iyong sariling Dgroup sa taong ito.

Pray for Lifestages Ministries:

- Across (Family)
- B1G (Singles)
- Elevate (Youth)
- NxtGen (Kids)

Pray for Support Ministries:

- Discipleship Ministry
- GLC
- WOW (Women)
- MoveMEN⁺ (Men)
- CCF Sports
- Tulong Tayo, Marketplace, G-Men, Uplift
- Ignite Business Leaders Ministry
- Pastoral Care
- #Not Alone

Pray for CCF Departments:

- CCF Ministries Team
 - Welcome Center & Host Team
 - Exalt Team
 - Communications Team
 - IT Team
 - Live Production Team
 - Finance, Audit, Accounting Teams
 - Admin, Procurement, and Engineering Teams
 - HR Team
 - Legal Team
 - Intercede Team
- Manalangin para sa Life Academy at lahat ng mga lider, manggagawa, at guro upang patuloy na bigyan ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu na turuan ang mga estudyante sa mga paraan ni Cristo, na ang epekto sa kanila ay maging tapat na mga tagasunod ni Cristo at hayaan silang ipakilala si Jesus sa mga susunod na henerasyon.
 - Ipanalangin ang Mt. Makiling Re-creation Center at ang mga namamahala sa likod nito: para magkaroon ng karunungan sa pamamahala ng mga pasilidad at sa pagbuo ng mga proyekto sa Sports Development, para sa mga kinakailangang empleyado at mga pangunahing posisyon na mapunan ng mga tamang kandidato; para sa lahat ng mga bisita upang makatagpo si Jesus sa isang personal at nakapagpapabagong paraan; para sa kaligtasan at seguridad ng lahat ng bumibisita sa MMRC.
 - Manalangin para sa International Care Ministries (ICM), upang ang pinakamahihirap sa mga mahihirap na simbahan na bahagi ng programang ito ay umunlad at dumami habang natututo silang magparami ng mga tagasunod ni Cristo na magpaparami ng iba pang mga tagasunod ni Cristo.

DAY THREE

GOD'S LOVE FOR THE COMMUNITY

COUNTRY | GOVERNMENT | WORKPLACE | SCHOOL

BASAHIN

³⁵ Nilibot ni Jesus ang lahat ng mga bayan at nayon doon. Nagtuturo siya sa kanilang mga sinagoga at ipinapangaral ang Magandang Balita tungkol sa paghahari ng Diyos. Pinagaling din niya ang lahat ng uri ng sakit at karamdaman. ³⁶ Nang makita niya ang napakaraming tao, nahabag siya sa kanila sapagkat sila'y litung-lito at hindi alam ang gagawin, parang mga tupang walang pastol. ³⁷ Kaya't sinabi niya sa kanyang mga alagad, "Napakaraming aanihin, ngunit kakaunti ang mag-aani.

³⁸ Idalangin ninyo sa may-ari ng aanihin na magpadala ng mga mag-aani."

MATEO 9:35-38

ISIPIN

1. Ano ang nagawa na ni Jesus bago ang talatang ito? Isa-isahin ang mga taong kanyang inabot at pinaglingkuran (basahin ang vv 27-34 para malinaw).
2. Habang naglalakbay si Jesus sa mga lungsod at pamayanan, ano ang naramdaman Niya para sa mga taong nakatagpo Niya? Ano ang Kanyang tagubilin sa kanyang mga alagad?
3. Sa anong paraan tayo magkakaroon ng higit na pakikiramay sa mga nangangailangan? Paano tayo mananalangin para magkaroon ng mas maraming manggagawa na maipadala sa bukid ng pag-aani? Higit sa lahat, paano tayo magiging bahagi ng sagot sa panalanging ito?

NOTES

Si Jesus ay palaging nasa kalsada, naglalakbay sa iba't ibang lugar at nakikipag-ugnayan sa iba't ibang tao. Ginawa Niya ito upang maipangaral ang Mabuting Balita at maihayag ang Kaharian ng Diyos sa pamamagitan ng pagpapagaling ng iba't ibang karamdaman, pagpapalayas ng masasamang espiritu, at lagi Siyang nandyan para sa mga taong higit na nangangailangan sa Kanya. Inihalimbawa Niya kung ano ang ibig sabihin ng pagtatayo ng komunidad saan man Siya magpunta. Ito ay dapat na maging totoo sa Kanyang mga tagasunod—na tayo ay dapat na tumulong kung saan may nangangailangan ng tulong at maipahayag ang Mabuting Balita ni Cristo.

1. Saan ako inilagay ng Diyos upang maging halimbawa ng Kanyang pag-ibig? (Isipin ang tungkol sa iyong kasalukuyang trabaho, posisyon, impluwensya, at mga relasyon—paano ka magiging mas mahabagin sa mga tao sa paligid mo at makahanap ng mga paraan upang matulungan sila?)
2. Sa paanong paraan ako makakasali sa gawaing pagtubos ng Diyos sa aking sariling komunidad - maging ito man ay sa aking lungsod, lokal na pamahalaan, lugar ng trabaho, o paaralan?

May pananampalatayang gagawin ko ang aking bahagi sa pamamagitan ng...

Set Simple, Measurable, Appropriate, Realistic, and Time-bound (SMART) commitments

Halimbawa: “Bilang isang tagasunod ni Cristo, gagawin ko ang aking parte sa pagbabahagi ng pagmamahal ni Jesus sa aking komunidad sa pamamagitan ng pagboboluntaryo sa isang evangelistic feeding program minsan sa isang buwan.”

Manalangin para sa Pilipinas:

- Manalangin para sa mga mamamayan ng ating bansa—na tayong lahat ay matutong magtiwala sa Diyos nang buong puso at mamuhay bilang madasalin at masunuring mga lalaki at babae ni Cristo. Nawa’y ang bawat Pilipino ay lumapit kay Cristo para sa tunay na kaligtasan at pagbabago.
- Manalangin para sa ating bansa—kabilang ang mga pinuno na kasalukuyang nanunungkulan, upang lahat tayo ay hanapin ang Panginoon at gawin ang Kanyang kalooban sa mga isyu na patuloy na nagiging problema sa ating bansa.
- Manalangin para sa ating mga pinuno sa pulitika, lehislatibo, at hudisyal na itaguyod ang mga aral ng Bibliya at maging halimbawa ng maka-Diyos na katangian, kakayahan, katarungan, pananagutan, at pamilya—para sa kanila na maglingkod nang may integridad, karunungan, katapatan, proteksyon, at gabay:
 - Ang Pangulo, Pangalawang Pangulo, Mga Miyembro ng Gabinete at mga tagapayo
 - Ang mga Senador at Kongresista
 - Ang Punong Mahistrado at lahat ng mahistrado
 - Ang puwersa ng Militar at Pulisya
 - Ang mga opisyal ng Lokal na Pamahalaan at Barangay

Panalangin para sa mga pangunahing isyung nasyonal:

- Para sa wastong pamamahala ng krisis, at pagpapanatili ng ekonomiya
- Graft and corruption, illegal drug trade, forced labor, human trafficking
- Mga di-makadiyos na pagpapahalaga, pagbaba ng moral, materyalismo, pagsamba sa diyos-diyosan
- Mga hadlang sa ekonomiya, mataas na presyo ng gasolina, inflation, mga problema sa trapiko, mga bayarin, at mga batas na labag sa Salita at kalooban ng Diyos
- Na mas maraming Pilipino mula sa lahat ng antas ng pamumuhay ang maligtas, maging tagasunod ni Cristo at para magkaroon sila ng tunay na pagmamahal sa Panginoon.

Manalangin para sa Christians For Nation-Building (C4NB):

- Para ang Panginoon ay kumilos sa pamamagitan ng kilusang ito upang itaas ang kamalayan sa mga Pilipino (lalo na sa mga kabataan) sa mga maprinsipyong pakikipag-ugnayan sa politika at mabuting pagkamamamayan na nagbibigay dangal kay Cristo at namumuhay ayon sa Bibliya.

Manalangin para sa mga kabataan:

- Para gamitin ng Diyos ang Elevate Youth Ministry upang patuloy na maabot ang maraming mga estudyante sa mga iba't ibang kampus, upang makilala ng mga kabataan si Cristo at patuloy na maipalaganap ang Mabuting Balita kung nasaan sila.
- Para sa #NotAlone na programa upang patuloy na palawakin at maabot ang maraming paaralan sa buong bansa at makatulong sa mga guro at estudyante.

Manalanging Maging Bahagi ng Pagtatatag ng Kaharian ng Diyos Dito Sa Lupa At Para Nang Sa Langit:

- Humingi ka ng patnubay ng Panginoon sa ginagawa Niya sa iyong komunidad. Ialay sa Kanya ang iyong sariling hanapbuhay at maging kinatawan ka ng Kanyang Kaharian; maging handa ka na sumunod sa Kanya saan ka man Niya akayin at anuman ang hihilingin Niya sa iyo na gawin.
- Magsikap ka na maging mahusay sa paaralan o sa trabaho—gagawin mo ang lahat para sa kaluwalhatian ng Diyos lamang.
- Manalangin ka para sa isang kulturang sumusunod sa salita ng Diyos at nagsasagawa ng ebanghelismo at discipleship sa lugar na saklaw ng iyong impluwensiya: pamilya, komunidad, kumpanya, at bansa.
- Maglingkod sa iyong lugar ng trabaho o komunidad (magsimula ng isang Bible Study o magkaroon ng oras ng panalangin sa iyong lugar ng trabaho o kalapit na lugar).

DAY FOUR
**GOD'S LOVE
FOR OUR ENEMIES**

BASAHIN

27 “Subalit sinasabi ko sa inyong mga nakikinig sa akin: Mahalin ninyo ang inyong mga kaaway at gawan ng mabuti ang mga napopoot sa inyo. 28 Pagpalain ninyo ang sumusumpa sa inyo at ipanalangin ang mga nang-aapi sa inyo. 29 Kapag sinampal ka sa isang pisngi, iharap mo rin ang kabila. Kapag inagaw ang iyong balabal, huwag mong ipagkait ang iyong damit. 30 Bigyan mo ang bawat humihingi sa iyo; at kung may kumuha ng iyong ari-arian, huwag mo nang bawiin pa ang mga iyon. 31 Gawin ninyo sa inyong kapwa ang nais ninyong gawin nila sa inyo. 32 “Kung ang nagmamahal lamang sa inyo ang inyong mamahalin, anong pagpapala ang nararapat sa inyo? Ang mga makasalanan man ay nagmamahal din sa mga nagmamahal sa kanila. 33 Kung ang mga gumagawa lamang ng mabuti sa inyo ang gagawan ninyo ng mabuti, anong pagpapala ang nararapat sa inyo? Kahit ang masasamang tao ay gumagawa rin niyan! 34 At kung ang makakabayad lamang ang inyong pauutangin, anong pagpapala ang nararapat sa inyo? Kahit ang masasamang tao ay nagpapautang din sa kapwa nila masama, sa pag-asang sila’y mababayaran. 35 Sa halip, mahalin ninyo ang inyong mga kaaway at gumawa kayo ng mabuti sa kanila. Magpahiram kayo na hindi umaasa ng anumang kabayaran. Sa gayon, malaking gantimpala ang tatamuhin ninyo, at kayo’y magiging mga anak ng Kataas-taasang Diyos. Sapagkat siya’y mabuti kahit sa masasama at sa mga hindi marunong magpasalamat.

36 Maging mahabagin kayo tulad ng inyong Ama na mahabagin.”

LUCAS 6:27-36

ISIPIN

1. Ayon kay Jesus, paano natin haharapin ang ating mga kaaway? Ilista ang bawat hakbang na makikita sa talata, at isulat kung paano mo isasagawa ang bawat isa sa iyong sariling sitwasyon.
.....
.....
.....
2. Ang “Golden Rule” ay matatagpuan sa Lucas 6:31. Ano ang magiging resulta kapag isinagawa mo ang prinsipyong ito sa pang-araw-araw na buhay? Paano mo sisimulan ang pagtrato sa iyong kapwa sa ibang paraan?
3. Paano ipinapakita ng Diyos ang Kanyang pagmamahal sa Kanyang sariling mga kaaway—kahit sa mga taong walang utang na loob o masama?

Bago natin ibinigay ang ating buhay kay Jesus, lahat tayo ay kaaway ng Diyos (tingnan ang Roma 5:10). Bilang mga makasalanan, tayo ay bumagsak sa banal na pamantayan ng Diyos at samakatuwid tayo ay karapat-dapat sa Kanyang poot. Gayunpaman, ibinigay pa rin ng Diyos ang kailangan natin kahit na hindi tayo karapat-dapat! Ang hiwaga ng Mabuting Balita ay mahal na mahal tayo ng Diyos kaya ipinadala Niya si Jesus upang mamatay para sa Kanyang mga kaaway. Kung ito ay totoo sa ating sariling buhay, tayo ay lalapit sa ibang paraan sa mga nagmamaltrato sa atin. Dapat nating tratuhin sila ng may maka-Diyos na pag-ibig.

1. Sa anong sitwasyon ako minamaltrato, tinutulan, inuusig, o sinasamantala?

(Aminin ano ang nangyari sa harap ng Panginoon at manalangin para sa isang maawaing puso upang mawala ang sakit, mapatawad ang kasalanan, at mabitawan ang anumang kapaitan.)

2. Sino ang taong itinituro ng Panginoon na aking patatawarin o hihingan ko ng kapatawaran?

(Pangalanan ang bawat tao at humingi ng pagkakataong gumawa ng mga pagbabago.)

3. Sino ang taong nais ng Panginoon na tratuhin ko nang may kabutihan sa linggong ito? Anong kabutihan ang magagawa ko para sa kanya?

Set Simple, Measurable, Appropriate, Realistic, and Time-bound (SMART) commitments

Halimbawa: "Ipagdarasal ko araw-araw si _____ na nakasakit sa akin at maibahagi ko sa kanya ang pag-ibig ng Diyos sa pamamagitan ng isang taos-pusong note o message sa kanya sa linggong ito."

IPANALANGIN

- Ipanalangin natin ang ating mga relasyon, na mahalín natin ang hindi kaibig-ibig at maging katulad ni Cristo sa pagtrato sa mga umaapi sa atin o nag-iisip ng masama sa atin.
- Hingin sa Diyos ang isang mapagpakumbabang puso upang kilalanin ang mga sandaling naging kaaway ka ng isang tao at hingin ang pagkakataong gumawa ng mga pagbabago upang manumbalik ang inyong magandang relasyon.
- Magdasal tayo nang may pananampalataya para bigyan tayo Diyos ng tagumpay sa mga sitwasyong tulad ng:
 - Salungatan sa ating mga relasyon sa pamilya, sa trabaho/ paaralan, sa mga kaibigan, o mga kasama sa simbahan
 - Hindi pagpapatawad
 - Kapaitan sa mga nakaraang karanasan
 - Hangaring paghihiganti
 - Kayabangan, makasariling pagdidepensa, pinangangatwiranang ang kasalanan
 - Pagiging mapang-abuso o nakakasakit sa iba
 - Mga pag-atake ng kaaway, impluwensya ng demonyo
- Hingin sa Panginoon ang matagumpay na pakikipagrelasyon, humingi sa Dios ng kapatawaran, pagkakasundo, at panunumbalik ng relasyon sa mga nakasakitan; hayaan ang Banal na Espiritu na magbigay ng spriritual revival sa iyo, panibagong lakas at kasigasigan na sumunod sa Kanya nang tapat.

DAY FIVE

GOD'S LOVE FOR OUR **WHOLE BEING**

BASAHIN

³⁵ Nang malapit na si Jesus sa Jerico, may isang lalaking bulag na nakaupo sa tabi ng daan at namamalimos. ³⁶ Nang marinig niyang nagdaraan ang maraming tao, itinanong niya kung ano ang nangyayari. ³⁷ “Nagdaraan si Jesus na taga-Nazaret,” sabi nila sa kanya. ³⁸ At siya’y sumigaw, “Jesus, Anak ni David! Mahabag po kayo sa akin!” ³⁹ Sinaway siya ng mga taong nasa unahan, ngunit lalo pa niyang nilakasan ang pagsigaw, “Anak ni David, mahabag po kayo sa akin!” ⁴⁰ Tumigil si Jesus at ipinatawag ang bulag. Paglapit ng bulag ay tinanong siya ni Jesus, ⁴¹ “Ano ang gusto mong gawin ko para sa iyo?” “Panginoon, gusto ko po sanang makakitang muli,” sagot niya. ⁴² At sinabi ni Jesus, “Makakita ka! Pinagaling ka ng iyong pananampalataya.” ⁴³ Noon di’y nakakita ang bulag at nagpupuri sa Diyos na sumunod kay Jesus. Nang makita ito ng mga tao, silang lahat ay nagpuri sa Diyos.

LUCAS 18:35-43

ISIPIN

1. Paano nalaman ng bulag ang tungkol kay Jesus? Ano ang ginawa niya para hanapin ang Panginoon? (vv35-37)
2. Ano ang reaksyon ng karamihan sa bulag? Ano ang tugon ni Jesus sa kanya? (vv38-42)
3. Paano mo sasagutin ang tanong ni Jesus sa talata 41: “Ano ang gusto mong gawin Ko para sa iyo?”
4. Ilarawan kung ano ang nangyari bilang resulta ng pagpapagaling. Sa iyong palagay, bakit pinapagaling ni Jesus ang mga taong maysakit?

NOTES

Sa tuwing may mga taong lumalapit kay Jesus para sa pagpapagaling at kalusugan, buong pagmamahal Niyang tatanggapin sila at hihipuin ang kanilang buhay sa paraang Siya lamang ang makagagawa. Alam Niya kung ano ang kanilang pinagdadaanan at ninanais hindi lamang upang pagalingin sila sa pisikal kundi pati na rin, ang higit na mahalaga, para sa kanilang espirituwal na kaligtasan. Anuman ang mga karamdaman o limitasyon na kinakaharap natin ngayon, ang pagmamahal ni Jesus sa atin ay nagpapaalala na nais Niya tayong maging buo at maayos, na kadalasan ay mangangailangan ng simpleng pananampalatayang tulad ng isang bata sa Kanyang kapangyarihan at isang mapagpasalamat na puso anuman ang maging resulta.

1. Mayroon bang panahon na nakaranas ako ng sakit o nalilimitahan sa anumang kapasidad? Paano ako tumugon sa pagsubok na iyon?
2. Kailan ako huling nagdasal ng isang imposibleng panalangin ng pananampalataya, ganap na sumuko at ipinagkatiwala ang aking sitwasyon sa Panginoon? Ano ang resulta, kung mayroon man?
3. Maglalaan ako ng ilang sandali upang ipagdasal ang mga kasalukuyang may sakit at nangangailangan ng espirituwal na pagpapagaling at kaligtasan. May pananampalatayang ipagdadadal ko si _____ (pangalanan ang bawat tao, tuwing araw ng _____ simula sa linggong ito, sa susunod na 6 na buwan.)
4. Anong mga ugali ang maaari kong higit pang paunlarin upang pangalagaan ang aking espirituwal, pangkaisipan, emosyonal, at pisikal na kagalingan?

Set Simple, Measurable, Appropriate, Realistic, and Time-bound (SMART) commitments

Halimbawa: “Magsisimula akong magdasal na naglalakad 5-10 minuto araw-araw habang gumugugol ako ng oras kasama ang Panginoon.”

Ipahayag natin ang ating hindi pagiging karapat-dapat sa harap ng Panginoon; para sa mga oras na umasa tayo sa ating sariling mga mapagkukunan at pangangatwiran, sa halip na tumakbo sa Diyos una sa lahat—para sa ating kagalingan at kabuuan.

KAGALINGANG PISIKAL:

- Habang nananalangin tayo para sa pagpapagaling – maging para sa ating sarili o sa iba – magtiwala tayo na ang Diyos ay nagpapagaling sa Kanyang panahon at sa Kanyang paraan. Sa halip na hilingin o idikta kung paano tayo dapat pagalingin ng Panginoon o ang ating mga mahal sa buhay, tandaan nating manalangin nang may pananampalatayang tulad ng bata –naniniwala ka na ang Diyos ay Manggagamot kahapon, ngayon, at magpakailanman.
- Hingin sa Panginoon ang tagumpay sa iyong kalusugan at kagalingan—magkaroon ng isang puso na naghahanap sa Kaharian ng Diyos higit sa lahat; hayaan ang Banal na Espiritu na gabayan ang iyong pamumuhay upang mapangalagaan mo ang iyong katawan na Kanyang templo.
- Manalangin para sa mabuting kalusugan mula sa Panginoon habang ginagawa natin ang ating bahagi sa pamamagitan ng pagkain ng tama, pagtulog nang sapat, regular na pag-ehersisyo, at soul care araw-araw (espirituwal na disiplina, pagmumuni-muni, katahimikan at pag-iisa sa harap ng Panginoon, at higit pa).

KAGALINGANG EMOSYON AT MENTAL:

- Ipagtapat natin ang mga oras na hinahayaan nating talunin tayo ng ating mga alalahanin. Para sa mga oras na umasa tayo sa ating sariling kakayanan at pangangatwiran, sa halip na tumakbo sa Diyos, una sa lahat, para sa ating pagpapagaling at kagalingan.
- Maglaan ng oras upang ipagkatiwala ang iyong mga pasanin sa Panginoon: anumang panghihina ng loob, pagkabalisa, pagkukulang, o takot na humahadlang sa iyong kaugnayan sa Diyos.
- Marahil ay may kilala kang isa o higit pa na dumaranas ng emosyonal na hirap o mga hamon sa pangkaisipang kalusugan. Pangalanan at ipanalangin ang bawat isa sa kanila, para sa mahimalang pagpapagaling ng Panginoon sa kanila – pati na rin ang kaligtasan nila kung hindi pa nila kilala si Jesus bilang Panginoon at Tagapagligtas.

KAGALINGANG ISPIRITUWAL:

- Manalangin tayo nang may pananampalataya para sa Diyos na bigyan tayo ng espirituwal na tagumpay sa mga bagay tulad ng:
 - Pagmamalaki, pagiging makasarili, mga lihim na kasalanan
 - Pagsamba sa mga diyos-diyosan, kasakiman, materyalismo
 - Sekswal na kadalisan, pagpipigil sa sarili, integridad
 - Pagiging adik (sa alkohol, droga, pornograpiya, digital/gaming, pagsusugal, at iba pa)
 - Masamang impluwensya, hindi makadiyos na relasyon, tsismis, paninirang-puri, pagsisinungaling
 - Espirituwal na labanan at pag-atake ng kaaway (mga pag-iisip ng pagpapakamatay)
- Aminin at humingi ng kapatawaran para sa kasalanan, pagkukulang, at anumang pagkaalipin o adiksyon; hingin ang pagpapanumbalik ng Diyos sa ating buhay habang tayo ay nagsisisi at sumusuko sa Kanya.

PROBISYON NG DIYOS:

- Aminin natin ang mga oras na hinahayaan nating talunin tayo ng ating mga alalahanin. Magsisi tayo sa mga panahon na tayo ay umasa sa ating sariling lakas o karunungan, sa halip na umasa sa Diyos una sa lahat para sa ating mga pangangailangan at mapagkukunan.
- Hingin natin sa Panginoon ang isang pinansiyal na tagumpay—hingin ang isang puso na naghahanap sa Kaharian ng Diyos higit sa lahat; hayaan ang Banal na Espiritu na gabayan ka upang maging isang mabuting katiwala ng Kanyang mga pagpapala.
- Manalangin upang maging mas mapagbigay, mapagkawanggawa, at masayahin habang ibinibigay mo ang iyong oras, talento, at mga kaparaanan sa gawain ng Diyos sa simbahan, sa iyong pamilya o komunidad, at/o sinumang maaaring nangangailangan sa sandaling ito.

DAY SIX

GOD'S LOVE FOR THE **WORLD**

BASAHIN

¹⁶ “Sapagkat gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sangkatauhan, kaya’t ibinigay niya ang kanyang kaisa-isang Anak, upang ang sinumang sumampalataya sa kanya ay hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.

¹⁷ Isinugo ng Diyos ang kanyang Anak, hindi upang hatulan ng parusa ang sanlibutan, kundi upang iligtas ito sa pamamagitan niya.

¹⁸ Hindi hinahatulan ng parusa ang sumasampalataya sa Anak. Ngunit hinatulan na ang hindi sumasampalataya, sapagkat hindi siya sumampalataya sa kaisa-isang Anak ng Diyos. ¹⁹ Ganito ang paghatol ng Diyos: naparito sa sanlibutan ang ilaw, ngunit inibig pa ng mga tao ang dilim kaysa liwanag, sapagkat masasama ang kanilang mga gawa. ²⁰ Kinasusuklaman ng mga gumagawa ng masama ang ilaw, ni hindi lumalapit dito upang hindi mahayag ang kanilang mga gawa. ²¹ Ngunit ang namumuhay ayon sa katotohanan ay lumalapit sa ilaw, upang maihayag na ang mga ginagawa niya ay pagsunod sa Diyos.

JUAN 3:16-21

ISIPIN

1. Basahin ang Juan kabanata 3 para sa konteksto. Sino ang kausap ni Jesus? Bakit ito napakahalaga?
2. Ano ang ginawa ng Diyos upang ipakita ang Kanyang pagmamahal sa mundo?
3. Ano ang dapat nating tugon sa katotohanang ito? Bakit nahihirapan ang iba na tanggapin ang katotohanang ito?

NOTES

Habang nakikinig tayo sa personal na pag-uusap ni Jesus kay Nicodemus, nakikita natin ang puso ng Diyos para sa mga nawala sa kadiliman at naghahanap ng katotohanan. Ito ay nagpapakita sa atin na ang pagbabago ng mundo ay madalas na nagsisimula sa pamamagitan lamang ng pagmamahal sa isang tao sa isang pagkakataon at pagtuturo sa kanila sa katotohanan tungkol kay Jesus. Sa kasalukuyan, napakaraming mga tao o mga grupo ng tao na hindi pa naaabot o hindi pa rin alam ang tungkol kay Kristo at ang Mabuting Balita. Tayo ay tinawag upang maging mga tagatanggap ng ebanghelyo at maging mga kinatawan nito sa mga taong saklaw ng ating impluwensya.

1. Ako ba ay lubos at buong pusong nagtiwala sa Mabuting Balita ni Jesu-Cristo? Paano ko isasagawa araw-araw ang katotohanang ito sa sarili kong buhay?

(Maglaan ng oras upang magsisi at ipagtapat ang anumang bahagi ng buhay na maaaring hindi nakalulugod sa Panginoon. Hilingin at manalangin para sa isang panibagong puso at para sa katiyakan ng kaligtasan.)

2. Kailan ako huling nagbahagi ng ebanghelyo sa isang estranghero o sa isang taong kilala ko mula sa paaralan, trabaho, kaibigan, o kamag-anak? Paano ako magiging mas handa para sa mga pagkakataong ito na ibinigay ng Diyos?
3. Bilang isang mamamayan ng Kaharian ng Diyos at ng bansang ito, tinutupad ko ba ang aking bahagi sa pamamagitan ng pagiging puspos ng Banal na Espiritu at pagiging madasalin? Sa anong paraan ko ito mapapaunlad pa sa aking pamumuhay?

May pananampalatayang isasabuhay ko ang isang buhay na mapanalangin at puspos ng Espiritu...

Set Simple, Measurable, Appropriate, Realistic, and Time-bound (SMART) commitments

Halimbawa: “Bilang isang tagasunod ni Cristo, ako ay mananalangin at mag-aayuno tuwing Biyernes sa tanghali (sumali sa CCF’s Pray O’clock) para sa Pilipinas, sa mundo, sa aking simbahan, CCF, at sa aking pamilya.”

Ipagdasal ang buong mundo—kabilang ang iba pang mga bansa at pamahalaan, upang tayong lahat ay umasa sa Panginoon na tulungan tayong mapagtagumpayan ang mga kasalukuyang hamon sa ekonomiya ng mundo at para sa kapayapaan sa mga bansang puno ng labanan, nasalanta ng digmaan, at ekonomiya:

- Israel at Palestine
- Ukraine at Russia
- Armenia at Azerbaijan
- Iraq, Iran, Afghanistan
- Myanmar, Rohingya
- Sri Lanka
- Sudan, Nigeria
- West Philippine Sea at ibang mga bansang kasama dito
- Iba pang mga bansa na nahaharap sa kaguluhan

Ipagdasal ang mga bansa na kung saan may pagkakataon ang CCF na magministeryo, lalo na sa pamamagitan ng ating International Missionary Partners (IMPs), upang sila ay mapanatili at maprotektahan ng Diyos habang sila ay nagpapatuloy sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo at pag-eebanghelyo sa mga teritoryong may kaguluhan:

- Central, East, and South Asia
- Northeast Africa

Manalangin na ang bawat bansa ay makakilala at makatagpo ang Panginoong Jesu-Cristo sa pamamagitan ng Kanyang mga mananampalataya, na nagbabahagi ng katotohanan ng Salita ng Diyos at nagpapakita ng pag-ibig ng Diyos sa pamamagitan ng kanilang buhay.

GABAY SA HAPUNAN NG PANGINOON

for online participants:



PREPARE JUICE
AND BREAD

BASAHAHIN: 1 CORINTO 11:23-29

BAKIT NATIN PINAGDIRIWANG ANG LORD'S SUPPER?

- Ang simbolikong pagtitipong ito na ay ipinag-utos ng ating Panginoong Hesus bilang isang malinaw na pagpapaalaala ng mga bagay na Kanyang nagawa para sa atin. Kailangan nating madalas na ito'y ipagdiwang nang ating maalala si Hesus dahil sa pamamagitan ng Lord's Supper, "ipinahahayag ninyo ang kamatayan ng Panginoon hanggang sa dumating siya."(verse 26).
- Bago pinaghati-hati ni Hesus ang tinapay at ipinasa ang kopa, sinasabi ng Salita na si Hesus ay nagpasalamat (verse 24). Si Hesus ay nagpasalamat sa pagkakataong tayo'y pagsilbihan sa pamamagitan ng pag-aalay Niya ng Kanyang katawan at dugo para sa ating kapakanan.

ANO BA ANG SINISIMBOLO NG TINAPAY AT ALAK (SA KASO NATIN, NG JUICE)?

- Ang tinapay ay sumisimbolo sa katawan ni Hesus na siyang umako ng pasakit na dapat ay para sa atin (verse 24).
- Ang juice ay sumisimbolo sa dugo ni Hesus na inalay para sa atin sa Bagong Tipan (verse 25).
- Hindi natin tinuturo na ang tinapay ay literal na nagiging katawan ni Cristo o di kaya'y ang alako juice ay literal din na nagiging dugo Niya. Sa halip, ating pinapahayag na ang mga elementong ito ay naglalarawan sa ating Lord – kung sino Siya at kung ano Kanyang mga nagawa.
- Sa gayon, ang ating pakikibahagi sa mga elementong ito ay isang simbolikong pagpapahiwatig ng ating pananampalataya sa Kanya at sa natupad Niyang gawain sa mundo

ANO BA ANG TAMANG SALOOBIN BAGO TAYO MAKIBAHAGI SA LORD'S SUPPER?

- Dapat ay maging mapagpasalamat at kumilala ng utang-na-loob sa tuwing tayo'y tatanaw sa nakaraan at sa kasalukuyan.
- Bigyan-tanaw ang nakaraan at magpasalamat sa Panginoong Hesus para:
 - Sa Kanyang libreng regalo na kaligtasan at sa kapatawaran ng ating mga kasalanan
 - Sa Kanyang mga katangian (katapatan, mapagpatawad, kagandahang-loob, banal, mapagmahal, hindi nagbabago)
 - Sa ating pagkakakilala sa Kanya (Lord, Panginoon, Tagapagligtas)
 - Mga blessings tulad ng ating pamilya (asawa, mga anak, mga magulang, kapamilya), sa pagtugon sa ating mga pangangailangan atbp. (tulad ng pagbilang ng mga pagpapalang inyong natanggap)
 - Mga pagkakataong makapaglingkod sa Kanya at sa Kanyang mga alagad (family, kaibigan, church)
- Tumanaw sa kasalukuyan at magpasalamat sa Panginoong Hesus sa mga pagpapala na ikaw ay buhay pa ngayon, at sa kaloob Niyang mga relationships (biological at spiritual family, mga kaibigan, DGroups).
 - Sa kung paano Niya sasagutin ang iyong mga dasal
 - Sa kung paano Niya tayo aalalayan habang mayroong pandemya (bilang individual, ang ating pamilya at bilang isang bansa)
 - Ang pangako na darating ang panahon na Siya ay magbabalik muli.
- Gumugol ng oras para makapag-nilay

**PARTAKE OF THE BREAD AND JUICE
AND CLOSE IN PRAYER**

MGA PANALANGIN

MGA BANSA

1. Global revival – unawaing kailangan ang kaligtasan kay Hesu-Kristo at ang mga tagasunod ni Kristo ay maipahayag ang Mabuting Balita sa lahat ng bansa.
2. Para mamagitan ang Diyos sa pagpapaunlad ng ekonomiya; pagpapanatili sa kapayapaan at kaayusan sa mundo at panindigan ang dangal at kabanalan ng buhay na sa kabila ng napakagulong panahon, ang mga tao ay mamuhay ng maayos at may takot sa Diyos.
3. Ipagdasal na magkaroon ng kapayapaan ang mga bansang may labanan, digmaan, at problemang ekonomiya.
4. Ipagdasal ang CCF Beyond at ang ating mga International Missionary Partners na manatiling matatag at ligtas sa kabila ng pagkokontra sa kanilang pananampalataya at maipagpatuloy ang paghahayag ng Mabuting Balita at maparami ang mga tagasunod ni Kristo.

ANG PILIPINAS

1. Ipagdasal ang mga mamamayan ng ating bansa - na lahat tayo ay matutong magmamahal sa Diyos at magmamahan sa isa't-isa tulad ng pagmamahal ni Kristo sa atin. Ang bawat Pilipino ay makakilala kay Hesus at makilala sila sa kanilang pagmamahal kay Kristo.
2. Ipagdasal ang kapakanan ng ating bansa - kasama ang mga lider na nanunungkulan, na ang lahat ay lumapit sa Panginoon at gawin ang Kanyang kalooban sa pagharap sa mga problema ng ating bansa.
3. Ipagdasal ang mga lider para panindigang isabuhay ang mga turo ng Biblia at maging halimbawa ng maka-Diyos na pag-uugali, kakayahan, hustisya, pananagutan, at pamilya - para sila ay maglingkod na may integridad, karunungan, katapatan, proteksyon at patnubay:
 - Pangulo, Pangalawang Pangulo, mga Miyembro ng Gabinete, at mga Taga-payo
 - Ang mga Senador at mga Kongresista
 - Punong Mahistrado at lahat ng Mahistrado
 - Hukbong Militar at Pulisya
 - Lokal na Pamahalaan at mga Opisyal ng Barangay
4. Para ang mga nangungurakot na opisyal ay malantad at managot sa hustisya; pagbabago ng sistema ng gobyerno sa ating bansa at panindigan ang pagkamatuwid, katarungan, kapayapaan, at pag-unlad ng ekonomiya.
5. Ipagdasal ang mga pangunahing isyu ng bansa (katatagan ng ekonomiya, problema sa droga, katiwalian sa gobyerno, sapilitang pagtatrabaho ng mga manggagawa at human trafficking, pagkawatak-watak ng pamilya at pagkalayo ng mga magulang, pagbaba ng moralidad, pagsamba sa diyos-diyosan, materyalismo, mga pinahahalagahang hindi maka-Diyos, pornograpiya, imoralidad, ginagawa ng mga taong kabilang sa LGBTQA+, pagtaas sa bilang ng mga biktima ng HIV, pagbubuntis ng mga kabataan,

PRAYER LIST

pagkalito sa kasarian, pagka-adik sa cellphone, problema sa trapiko, mga batas at panukalang batas na laban sa Salita at kalooban ng Diyos).

6. Ipagdasal na mas maraming Pilipino sa lahat ng antas ng pamumuhay ang tumanggap kay Hesu-Kristo bilang Panginoon at Tagapagligtas at magkaroon ng tunay na pagkatakot sa Panginoon.

ANG ATING IGLESIA

1. Ipagdasal ang lahat ng mga lider at miyembro ng CCF na mamuhay na may pagmamahal sa Dios at sa iba, kadalisayan at kabanalan, pagpapakumbaba, at pagkamatapat.
2. Ipagdasal ang tapat na pagtupad sa misyon ng Dios para sa CCF (to honor God and to make Christ-committed followers who will make Christ-committed followers).
3. Ipagdasal si Pastor Peter Tan-Chi at kanyang pamilya (kabanalan, pagiging malapit sa Panginoon, karunungan, at lakas para pangunahan ang CCF discipleship movement, manatiling puspos ng Banal na Espiritu sa lahat ng oras).
4. Ipagdasal ang mga CCF elders, pastors, ministry servant leaders, church planters, Dgroup leaders, missionaries, campus workers, staff members, at mga volunteers na manatiling magkaroon ng alab sa paglilingkod sa Dios, kabanalan, mabuting kalusugan at proteksiyon, espirituwal na paglago at pagiging malapit sa Panginoon, kontrolado at pinalalakas ng Banal na Espiritu, patuloy na mamuhay ng may moralidad at integridad.

Ipagdasal ang bawat pangalan na makikita sa:

ccf.org.ph/meet-the-team/

5. Ipagdasal ang CCF na maging epektibo sa pag-abot sa mga tao at patuloy na magparami ng mga tagasunod ni Hesus. Na lahat ng mga miyembro ng CCF ay patuloy na magpahayag ng Mabuting Balita sa kani-kanilang pamilya/kamag-anak, mga kaibigan, at ibang tao ng may kaugnayan sa kanila.
6. Ipagdasal na ang mga CCF members ay mapuspos ng Banal na Espiritu at tapat na nananalangin.
7. Abutin ang mga kabataan sa pamamagitan ng Elevate campus ministries sa mga eskuwelahan, kolehiyo at unibersidad sa buong bansa.

PAMILYA

1. Ang bawat pamilya ay laging nakatuon kay Cristo
2. Ang mga lalaki ay magmamahal sa kanilang mga asawa at maging spiritual leaders sa kanilang tahanan
3. Ang mga babae ay gumagalang at nagpapasakop sa kanilang mga asawa.
4. Ang mga ama at ina ay maging huwaran ng maka-Dios na pag-uugali sa kanilang mga anak

PRAYER LIST

5. Ang mga magulang ay sadyaing turuan ang kanilang mga anak para sila ay makakilala at magmahal sa Dios
6. Ang mga anak ay sumusunod at gumagalang sa kanilang mga magulang
7. Pagpapatawaran at pagsasa-ayos ng mga relasyon — na ang mga miyembro ng pamilya ay mamuhay na may pag-ibig at paggalang, magkasamang naglilingkod sa Dios at sa ibang tao
8. Kaligtasan ng buong pamilya at mga kamag-anak

PERSONAL NA TAGUMPAY

1. Spiritual revival – para makilala at lalong maging malapit sa Dios, kalugod-lugod na mamuhay para sa Dios at may paggalang sa Kanya
2. Magkaroon ng pag-uugaling tulad ni Cristo sa pamamagitan ng pagiging puspos ng Banal na Espiritu at makitaan ng bunga ng Espiritu (pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiis, kabutihan, kagandahang-loob, katapatan, kahinahunan, at pagpipigil sa sarili)
3. Pisikal na kagalingan at pamumuhay ng balanseng buhay (umunlad sa karunungan at abilidad sa tulong ng Dios at tao)
4. Tagumpay laban sa kasalanan at masasamang ugali
5. Hayaan ang Banal na Espiritu na gabayan ka kung saan ka maglilingkod, magkaroon ng bagong lakas at sigasig na magboluntaryo sa gawain ng Dios

PINANSYAL

1. Makalaya sa utang
2. Mabuting pamamahala ng pera ng Dios at mga pagpapalang pinansyal
3. Regular na mag-ikapu at laging magpagbigay
4. Paglago sa negosyo, propesyon at tungkulin sa trabaho

MGA IBA PANG BAGAY NA PERSONAL NA IPAPANALANGIN

PAANO SINAGOT NG DIYOS ANG IYONG DASAL?

**IBAHAGI ANG IYONG KWENTO AT
ITURO ANG MGA TAO KAY KRISTO.**

i-tag kami online



#CCFAnsweredPrayer

mag-e-mail sa amin

**questions@ccf.org.ph
testimonies@ccf.org.ph**

sumulat sa amin

**write your answered prayers on a tithe
envelope and drop it in the tithe box**



(02) 8866-9900



questions@ccf.org.ph



ccf.org.ph



facebook.com/CCFmain



instagram.com/CCFmain



youtube.com/CCFmainTV



**C5 cor. Ortigas Avenue,
Ortigas East, Pasig City**